

## **Mga Tanong Tungkol sa Saklaw ng Kabayaran sa mga Manggagawa at Coronavirus (COVID-19)**

- 1. Magpapatuoy ba ang mga pagbabayad sa akin para sa nawalang oras?**  
Oo. Kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa pinsala o sakit na kaugnay ng dulot ng trabaho, magpapatuoy ang mga pagbabayad sa iyo para sa mga nawalang oras.
- 2. Paano ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa estado ng aking claim?**  
Makakuha ng awtomatikong impormasyon sa wikang Ingles o Espanyol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-831-5227**
- 3. Magiging pinal na ba ang isang utos o abiso kung wala akong access sa koreo kapag nagsara na ang aking negosyo?**  
Kung hindi mo ma-access ang utos nang hindi mo sinasadya, kailangan mong magbigay ng malinaw na paliwanag sa manager ng claim tulad nang hindi mo natatanggap ang mga sulat para sa iyo.
- 4. Nakakaapekto ba sa aking tseke ng nawalang oras o halaga ng tseke ng pensyon ang pagtanggap ng tseke ng pederal na stimulus?**  
Hindi.
- 5. Puwede ba akong magkaroon ng medikal at bokasyonal na appointment sa pamamagitan ng telepono**  
Oo.
- 6. Hindi ako masusuri sa ngayon ng aking doktor. Ano ang gagawin ko?**  
Itanong sa iyong tagapagbigay kung nag-aalok sila ng opsyong telehealth o kung puwede kang magpasuri sa kanila sa pamamagitan ng telepono.
- 7. Nakahinto ang aking plano sa pagpapagamot. Paano ito makakaapekto sa aking claim?**  
Hindi magsasara ang iyong claim kung kailangan mo pa ng karagdagang pagpapagamot. Bibigyan ka namin ng panahon para makumpleto ang iyong plano sa pagpapagamot kapag bumalik na ang mga medikal na serbisyo.
- 8. Gusto kong ipagpapaliban o mag-iskedyul sa ibang petsa ng independent na medikal na pagsusuri (independent medical evaluation, IME) dahil nag-aalala ako sa pagkalat ng coronavirus. Ano ang gagawin ko?**  
Makipag-ugnayan sa iyong manager ng claim nang hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang appointment mo para makahanap ng solusyon.
- 9. Angkop bang kanselahin o ipagpaliban ang medikal na appointment o pamamaraan dahil sa mga alalahanin tungkol sa coronavirus?**  
Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para malaman kung ano ang kanilang inirerekomenda.

**10. Dahil nagsara ang paaralan ng aking anak, walang mangangalaga sa aking anak at kailangan kong ipagpaliban ang medikal o bokasyonal na appointment. Ano ang gagawin ko?**

Gawin ang lahat ng makakata para isaayos ang pangangalaga sa bata. Kung hindi posible, makipag-ugnayan sa iyong vocational rehabilitation counselor (VRC) o medikal na tagapagbigay.

**11. Nag-aalala ako sa pagunta sa klase o pakikilahok sa aking programa sa muling pagsasanay dahil sa virus. Ano ang gagawin ko?**

Makipag-ugnayan sa iyong VRC para makita ang mga opsyon.

**12. Hindi na available ang aking pansamantalang magandang trabaho dahil sa virus. Ano ang gagawin ko?**

Makipag-ugnayan sa iyong manager ng claim.

**13. Tinanggal ako sa trabaho ng aking employer dahil sa pagkalat ng coronavirus at mayroon akong bukas na claim. Paano ito makakaapekto sa aking mga benepisyo?**

Patuloy naming aaprubahan ang angkop na medikal na pagpapagamot sa iyong claim. Bibigyan ka namin ng panahon para kumpletuhin ang iyong pagpapagamot bago magsara ang iyong claim.

**14. Pinaalis ako sa trabaho at wala nang babalikang trabaho, at napakalimitado ngayon ng mga trabahong pwedeng applyan dahil sa pagkalat ng coronavirus. Ano ang gagawin ko?**

Sa kasamaang palad, hindi makakapagbayad ng mga benepisyo sa nawalang oras ang kagawanran sa sandaling nakapagtrabaho ka na. Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa tulong ng Kagawaran sa Seguridad ng Trabaho (Employment Security Department).

**15. Papayagan ba ng L&I ang COVID-19 bilang kondisyong kaugnay ng trabaho?**

Sa ilalim ng ilang kalagayan, kapag may mataas na posibilidad sa trabaho ng manggagawa na mahawa sa sakit dahil sa trabaho (kabilang sa mga halimbawa ang mga unang tagatugon at manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan). Kailangan ding magkaroon ng nakadokumento o posibleng pagkalantad kaugnay ng trabaho, at ugnayan ng empleyado/employer.

**16. Kailan tatanggihan ng L&I ang isang claim?**

Kapag hindi sinasadya ang pagkahawa ng COVID-19 sa lugar ng trabaho (tulad ng manggagawa sa opisina na nahawa mula sa kasama sa trabaho).

**17. Paano ako magpa-file ng claim kaugnay ng COVID-19?**

Sa pamamagitan ng telepono: **1-877-561-3453**

Sa opisina ng iyong doktor (habang tinatapos ang Ulat ng Aksidente).